Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-11 NG ENERO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni (Nakababakasyon) |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 06-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA REKLAMO NI PLT LEONARDO P SURIO LABAN KAY KAPITAN LIBRADO DE ROBLES NG BARANGAY DAKILA, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BlG. 08-2020.**

**AKDA NINA: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** noong 08 Oktubre 2020 ay nakatanggap ang Sangguniang Panlungsod ng liham laban kay Punong Barangay Librado de Robles ng Barangay Dakila at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala noong 12 Oktubre 2020. Sa parehong araw, noong 12 Oktuubre 2020 ay napadalhan at natanggap ni Kapitan de Robles ang kopya ng reklamo na may tagubilin na siya ay maghain ng sinumpaang kasagutan ukol dito sa loob ng 15 araw. Noong 27 Oktubre 2020 ay natanggap ng Sanggunian ang sagot ni Kapitan de Robles;

**SAPAGKAT,** ayon sa reklamo ni PLt Leonardo B Surio, noong 07 Oktubre 2020, ganap na ika-3:00 ng hapon habang siya diumano ay sakay ng kanyang sasakyan pauwi ng kanyang bahay at nasa tapat na ng bisita ng Barangay Dakila ay nakita niya si Kapitan de Robles kaya't binuksan niya ang kanyang bintana at sinabing "KAP KUMUSTA NA YUNG NIREREKLAMO NAMING TANOD". Subalit bigla diumanong sumigaw si Kapitan de Robles at nanlilisik ang mga mata habang papalapit sa kanya at pinagmumura na siya habang akmang may bubunutin sa kanyang sling bag na sa kanyang pakiwari ay isang baril;

**SAPAGKAT,** idinagdag pa ni PLt Surio na ang basehan ng galit ni Kapitan de Robles sa kanya ay dahil sa naunang reklamong isinampa niya sa Barangay ng Dakila laban sa isang G. Rolando Surio, na kasalukuyang Barangay Tanod doon at kapatid ni PLt Surio;

**SAPAGKAT,** ayon naman sa sinumpaang kasagutan ni Kapitan Levis de Robles, noong araw ng 07 Oktubre 2020 ay umabot na sa puntong naramdaman niyang sobra na ang pang-aalipusta sa kanya ni PLt Surio hindi lamang bilang isang Punong Barangay kundi bilang isang tao dahil sa labis na siyang nasasaktan sa mga binibitawang salita nito na nakapanliliit ng pagkatao at wala ng ni katiting na paggalang sa kanya;

**SAPAGKAT,** itinanggi rin ni Kapitan de Robles ang paratang na siya ay akmang bubunot ng baril sa kanyang bag dahil wala siyang pag-aaring baril upang makapaghamon. Ito naman ay mapapatunayan aniya ng mga taong nakasaksi sa nasabing pangyayari;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** sa pagpupulong na ipinatawag noong 10 Nobyembre 2020, matapos ang pagpapalitan ng saloobin ng magkabilang panig ay nagkaroon ng buong-pusong pagkakasundo ang lahat na ang nangyaring kaganapan ay bunga ng bugso ng mga damdamin at di pagkakaunawaan sa mga tunay na saloobin at mga pangyayari;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Dennis D. San Diego** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipawalang-saysay ang reklamo ni PLt Leonardo P Surio laban kay Kapitan Librado de Robles ng Barangay Dakila, Lungsod ng Malolos bunsod ng pagkakasundo ng magkabilang panig, kaugnay Sa Kasong Administratibo Blg. 08-2020.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

***KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*01112021